*Finally*

# Cristo Jesus, ang Anak ni Abraham

**WEEK 1**

## WARM-UP

- Ano ang pinakamahal na pamana (hal., alahas, damit, gamit sa bahay) na natanggap mo? Bakit ito mahalaga sa iyo?
- Ano ang alam mo tungkol sa pinanggalingan ng iyong pamilya? Magbahagi ng kakaibang kwento tungkol sa isa sa iyong mga ninuno.
- Ano ang isang bagay na matagal mong hinintay pero nagagamit mo na ngayon?

## WORD

*Ito ang talaan ng mga ninuno ni Jesu-Cristo na mula sa angkan ni David. Si David ay mula sa lahi ni Abraham.* **MATEO 1:1**

*[1]Dumating ang panahon na sinubukan ng Diyos si Abraham. Tinawag niya si Abraham, at sumagot si Abraham sa kanya. [2]Pagkatapos, sinabi niya, "Dalhin mo ang kaisa-isa at pinakamamamahal mong anak na si Isaac, at pumunta kayo sa lupain ng Moria. Umakyat kayo sa bundok na ituturo ko sa iyo at ialay mo siya sa akin bilang handog na sinusunog."* **GENESIS 22:1–2**

(Basahin din ang **GENESIS 22:3–18.**)

Kilala ni Mateo si Jesus at alam niya ang mga ginawa Niyang himala. Ngunit nakakamangha na sinimulan niya ang kanyang libro sa lahing pinanggalingan ni Jesus. Si Jesus ay galing sa *lahi ni Abraham* na kinikilala ng mga Israelita bilang unang patriyarka o ama ng Israel. Sinubukan si Abraham ng Diyos nang ipinaalay Niya ang pinakamamamahal niyang anak na si Isaac, ngunit dahil sa pagkamasunurin ni Abraham, nailigtas si Isaac. Pinarangalan ng Diyos si Abraham sa pamamagitan ng isang pangako na pagpapalain ang mga bansa dahil sa kanya. Natupad ang pangakong ito nang maging tao si Jesus. Siya ang naging Anak na inalay. Sa araw na ito, titingnan natin ang kahalagahan ni Jesus bilang katuparan ng pangako ng Diyos kay Abraham at ano ang kabuluhan nito sa atin ngayon.

## 1 Dahil si Jesus ang katuparan ng pangako ng Diyos, Siya lang ang maaasahan ko.

*"Walang sinuman sa mundong ito ang makapagliligtas sa atin kundi si Jesus lang."* **MGA GAWA 4:12**

Bilang Kanyang Anak, ipinadala ng Diyos si Jesus para pagbayaran ang mga kasalanan natin at Siya lang ang naging karapat-dapat sa banal na pamantayan ng isang Tagapagligtas. Naranasan din ni Jesus *ang lahat ng pagsubok na dumarating sa atin, pero hindi siya nagkasala* (Mga Hebreo 4:15), at dahil dito, Siya lang ang nag-iisang perpektong alay. Walang ibang tao, pilosopiya, o relihiyon ang makakapagligtas sa sangkatauhan. Si Jesus lamang ang may awtoridad at kapangyarihang iligtas tayo. Bakit kailangan ng Diyos ang isang perpektong alay?

## 2 Dahil si Jesus ang katuparan ng pangako ng Diyos, panatag ako.

*Ganoon din naman, minsan lang namatay si Cristo nang inihandog niya ang kanyang sarili para alisin ang kasalanan ng mga tao. At muli siyang babalik dito sa mundo, hindi na para akuing muli ang kasalanan ng mga tao, kundi para iligtas ang mga taong naghihintay sa kanya.* **MGA HEBREO 9:28**

Sa Lumang Tipan, paulit-ulit na nag-aalay ang mga tao para mapatawad ang kanilang mga kasalanan. Pero hindi kayang tapatan ng anumang pag-aalay ang katarungan ng Diyos. Nang dumating si Jesus, binayaran Niya nang buo ang ating mga kasalanan. Natupad ang plano ng Diyos na iligtas tayo, na binabanggit sa buong Kasulatan. Ang Kanyang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ang naging daan para sa ating kaligtasan. Nagbibigay ito ng katiyakan sa lahat ng magtitiwala sa Kanya na kahit ano pa man ang nagawa nila, naibalik sila sa tamang ugnayan sa Diyos. Paano ka nagkaroon ng katiyakan dahil sa kung sino si Jesus?

## 3 Dahil si Jesus ang katuparan ng pangako ng Diyos, may pag-asa at halaga ang buhay ko.

*Nilikha tayo ng Diyos; at sa pakikipag-isa natin kay Cristo Jesus, binigyan niya tayo ng bagong buhay, para gumawa tayo ng kabutihan na noon pa'y itinalaga na ng Diyos na gawin natin.*

**MGA TAGA-EFESO 2:10**

Kay Cristo, nakakasiguro tayong may kabuluhan ang buhay natin. Kumikilos ang Diyos sa mga buhay natin at ginagamit Niya tayo para tuparin ang Kanyang mga layunin at plano. Habang patuloy tayong naglalakbay kasama Siya, binabago Niya ang ating mga buhay at nararanasan natin ang Kanyang katotohanan. Ibinukod tayo ng Diyos at sinasama Niya tayo sa Kanyang gawain sa mundo, at ito ang nagbibigay sa atin ng lakas ng loob at halaga. Alam natin na may kabuluhan ang mga ginagawa natin habang isinasabuhay natin ang ating pananampalataya. Paano mo nalaman ang layunin ng Diyos para sa iyo at paano nito nabago ang pamumuhay mo?

## APPLICATION

- Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung ipinagkakatiwala mo pa rin ba ang iyong kaligtasan sa mga bagay o sa ibang tao. Ano ang natutunan mo tungkol sa pagtitiwala kay Jesus lamang?
- Gaano katatag ang katiyakan mo na sapat na ang sakripisyo ni Jesus para pagbayaran ang lahat ng iyong kasalanan? Ano ang babaguhin mo sa iyong buhay ngayong nalaman mo na ganap at kumpleto na ang sakripisyo ni Jesus at sapat na ito para maibalik ang ugnayan mo sa Diyos?
- May bahagi tayo sa plano ng Diyos na ibalik ang sangkatauhan sa Kanya. Humingi sa Diyos ng mga pagkakataon ngayong linggo para maibahagi mo ang iyong pananampalataya sa mga kapamilya at kaibigan mo. Maging handang ibahagi ang iyong pag-asa kay Cristo.

## PRAYER

- Purihin ang Diyos dahil sa pagpapadala Niya kay Jesus sa mundo. Pasalamatan Siya dahil maaari tayong magtiwala sa ginawa ni Jesus sa krus.
- Hilingin sa Diyos na palambutin ang puso mo kapag ipinapakita Niya ang mga bahagi ng buhay mo na dapat mong baguhin. Manalangin na habang hinahayaan mo ang Diyos na hubugin ka ay maisabuhay mo ang Kanyang mga plano at layunin sa buhay mo.
- Pasalamatan ang Diyos para sa Kanyang plano na iligtas ang mundo sa pamamagitan ni Jesus at sa paghahanda Niya sa'yo para magawa mo ang iyong bahagi sa Kanyang plano. Manalangin para sa tapang at lakas ng loob habang ginagamit ka Niya bilang tagapaghayag ng ginawa ni Jesus sa krus.

## NOTES

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Romeo Mercado, Mona Pondales

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.